Mga Gawaing Panlaro

Pintang Pisi
Itubog ang pisi sa pinturang tempera at hayaang tumulo ang pintura sa sinulid at hayaang tumulo sa papel. Maari ding ilaglag ang pisi sa papel at hilahin ito para kumalat ang pintura.

Mga bakas ng kamay at paa
Ihalo ang konting sabon sa pinturang tempera para madali itong mahugusan. Ibuhos ito sa mababaw na tray at itapak ang paa o ilagay ang kamay ng iyong anak at gumawa ng bakas sa malaking piraso ng papel. Ilapit ang isang tuwalya at palangganang may sabon at tubig para sa madaling paglilinis.

Larawang tisa pag tag-ulan
Pagtigil ng ulan, kumuha ng may kulay na tisa at hayaang magsulat at gumuhit sa tabi ng daan ang iyong anak. Ang mga kulay ay matitingkad at madaling maalis.

Bakit kailangang maglaro?

Ang laro ay importanteng gawain ng bata. Marami siyang natututunan sa kanyang mundo sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan tuwing siya ay naglalaro. Kailangan ng bawat bata ang laro upang matuklasan niya at maintindihan ang kanyang kapiligiran habang siya ay lumalaki.

Ang mga programang panlaro para sa mga bata at sa kanilang mga magulang at tagapag alaga ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na makipag laro sa isat-isa sa isang lugar na ligtas at masigla. Meron ding ibang bata at matatanda na nagbibigay sigla at saya sa kanilang pagsasamasama. May maraming oportunidad para sila magkakilala at magkaalaman sa ibat iba nilang gawaing laro. Ang mga bata ay natututong magbigayan sa isa't-isa habang sila ay nagpapatuloy na lumaki ng maayos at malusog.

Ang mga laruan ay simpleng gamit ng mga bata para pagyamanin ang kanilang paglalaro at kaalaman. Walang isang matatawag na tamang laruan. Ang mga bata ay nangangailangan ng ibat-ibang laruan na tugma sa kanilang edad, kanilang interes at kanilang kakayahan. May mga laruan para sa tag-ulan, panlabas na laruan pag kasama nila ang kanilang mga kaibigan, laruan kung sila ay may sakit o kung sila ay nakabakasyon at mga laruan na edukasyonal upang sila ay matutong magbigayan at magkaisa. Isipin ang bukod-tanging pangangailangan at interes ng iyong anak kapag namimili ng kanyang laruan.

Ang "Laro Tayo" ay limang bahaging babasahin na nagbibigay ng ibat-ibang ideya ng paglalaro sa mga edad na:

0-6 buwan	2-3 taon
6-12 buwan	3-4 taon
1-2 taon	4-5 taon

Ang presyo sa maramihan na pagbili ng babasahin at ibang publikasyon ay maaring malaman sa:

FRP CANADA
707 - 331 rue Cooper Street, Ottawa, ON K2P 0G5
(613) 237-7667
1-866-637-7226
1-866-6-FRPCAN
(613) 237-8515
info@frp.ca
www.frp.ca
www.welcomehere.ca
www.bienvenuechezvous.ca

Tagalog/ Tagalog

Laro Tayo?

3-4 taon

FRP CANADA

Ang laro ay...

- **pag-galaw**
- **pag-sasayaw at pag-awit**
- **pakikipag-ugnayan sa ibang mga bata**
- **pagbibigayan**
- **pag-sasaayos**
- **pagtatanong**
- **pag-iisip ng masidhi**
- **pagbabalatkayo**
- **paglalaro ng simpleng laro**
- **paglutas ng problema**

Maingat na piliin ang mga laruan, isaisip ang tamang level ng paglaki ng iyong anak.

Ang mga batang tatlo at apat na taong gulang ay mahilig magkunwa-kunwarian. Bigyan ang iyong anak ng mga sari-saring kahon ng pagkain na wala ng laman at hayaan siyang magkunwaring namamalengke. Alukin siya ng palayok at kawali at siya naman ay kunwaring mag-luluto. Bigyan siya ng maliit na plato at tasa para siya ay magkunwaring nagbibigay ng party sa kanyang mga manika. Sa paggamit ng kanyang imahinasyon at mga ilang kasuotang panlaro, maaari niyang gayahin ang mga ibat-ibang taong kanyang hinahangaan. Ang mga papet naman ay makakatulong sa kanyang pag arte ng kanyang mga paboritong kuwento.

Gumamit ng mga picture cards para maglaro kayo ng matching game ng iyong anak. Magtugma kayo ng mga ibat-ibang hugis at kulay ng mga bagay na pamilyar sa kanya, tulad ng medyas. Makakatulong itong larong ito sa paghasa ng kanyang alaala.

Ang mga laruan na puwedeng gamitin ng maraming bata ay makakatulong sa kanilang pagbibigayan at pakikipag-ugnayan sa mga ibang batang kasing edad nila. Halimbawa, mga bloke, laruang tren, bahay ng manika, laruang garahe at mga maliliit na laruang hayop na may kamalig na gawa sa kahon ng sapatos. Maari ding gumamit ng malalaking karton na kahon para gumawa ng lutuan at refrigerator na laruan.

Maglaro kayo ng iyong anak ng simpleng laro na makakatulong sa pananatili ng kanyang atensyon. Pumili ng bagay na pareho ninyong nakikita at bigyan siya ng mga ibat-ibang clues para mahulaan niya ito. Simulan ang bawat clue sa pagsabi ng "Merong nakikita,ang aking maliliit na mata, isang bagay na…". Kung nahulaan ng iyong anak, siya naman ang pipili ng bagay at magbibigay ng mga clue sa yo.
Maglaro kayo ng iyong anak ng aktibong laro. Magkunwari kayong mga hayop at lumakad na tulad ng pusa, gumapang na parang ahas, o tumalon gaya ng palaka. Maari na ring handa ang iyong anak na sumubok ng bisekleta.

Ang iyong anak ay maaring nakakaintindi na ng ibat-ibang pagkakaiba ng mga bagay tulad ng maliit at malaki, makapal at manipis. Kaya na din niyang pagsama-samahan ang mga bagay sa pamamagitan ng kanilang hugis, laki at kulay. Bigyan siya ng mga bagay na maari niyang malaro ng ganito tulad ng mga butones, mga bato, sigay at beads. Matutuwa niya itong lalaruin sa isang karton ng itlog.

Mga gamit ng kartong kahon

- gumawa ng lagusan
- gumawa ng kuweba o kuta sa pamamagitan ng mga lumang kumot
- gumawa ng sinehan para sa papet
- gumawa ng bahay ng manika
- gumuhit ng mukha ng payaso at gumupit ng butas para sa bibig nito. Ibato ang bola o bean bag dito
- pagdugtong-dugtungin ang mga kahon at gumawa ng tren: gamitin ang mga kahong sapatos para sa mga manika at malalaking kahon para sa mga bata